

Ano ang Rice Black Bug?

Ang *Rice Black Bug (RBB)*, *Scotinophara coarctata* (Fabricius), ay unang nakita sa Bono-bono, Bataraza, Southern Palawan noong 1979.



Ito'y namataan din sa Zamboanga noong 1992 at unti-unting lumaganap sa Mindanao at sa probinsiya ng Negros. Nagkaroon din ng RBB sa Libangan Southern Leyte at sa Calabayog noong 2004. Noong Nobyembre 1, 2005 nakita ang naturang peste sa bayan ng Gubat at Prieto Diaz sa Sorsogon. Noong Nobyembre 16, 2005 ito'y namataan din sa bayan ng Bulan.

Ang pesteng ito ay madaling dumami dahil wala itong natural na kaaway sa palayan. Kapag nagkaroon ng impestasyon nagkakaroon ng tinatawag na "*bugburn*" na maaring magdulot ng pagkamatay ng tanim. Minsan makikita din ang paninilaw at panunuyo ng pinakamurang dahon na kung tawagin ay "*deadheart*" at pamumuti o walang laman na mga uhay o "*whitehead*".

Hitsura ng Rice Black Bug

Ang black bug ay may habang 7 hanggang 9 na mm ang lapad. Maihahambing ito sa laki ng "*tausi*" o *black bean*. Kulay itim, na may konting batik na kulay dilaw sa may tiyan. Sinisipsip ng black bug ang katas ng palay. Ang siglo ng buhay ng black bug ay umaabot ng 3 hanggang 7 buwan.




Napag-alaman na maraming mangitlog ang black bug. Tinatayang may "*average*" na 450 itlog bawat babaeng black bug. Kulay berde ang itlog at kung malapit na itong mapisa ay kulay rosas o pink. Kung ito ay nabubulabog o nagagalaw ay nagpapalabas ito sa ng masang-sang na amoy.

Ikot ng buhay ng Rice Black Bug

Ang babaeng *black bug* ay tumpuk-tumpok kung mangitlog. Umaabot ng 40 hanggang 60 itlog bawat tumpok sa puno ng palay. Minsan makikita ito sa itaas ng uhay o sa dahon. Minsan doon sa parte ng halaman na hindi naiinitan ng araw.

Makikita din ang *bugs* sa ibabaw ng tumpok na itlog. Ang nimpa o bagong pisa na black bug dumadaan sa limang instar at naging magulang o adult sa loob ng 38 hanggang 42 araw.

Ang pagdami ng black bug ay nangyayari kung kabilugan ng buwan. Ang pangingitlog naman ay nangyayari 12-17 araw makalipas ang "*mating*".



Pinsala na dulot ng Rice Black Bug

- Sinisipsip ng RBB ang katas ng halaman at karaniwang nanginginain sa punong bahagi ng palay.
- Mapinsala sa panahon ng paglago ng palay hanggang sa pag-uhay.
- Aabot ng 80% ang pinsala o pagbaba ng ani sa panahon na matindi ang atake.

Sintomas o Palatandaan ng Palay na may Black Bug

- Nagiging bansot ang halaman
- Ang pinakamurang dahon ay natutuyo at naninilaw (*deadheart*)
- Namumuti at walang laman ang uhay (*whitehead*)
- Natutuyo at namamatay ang halaman (*bugburn*)

Mga Katangian ng Rice Black Bug

Marami ang *black bug* sa mababang lugar lalo na sa may patubig. Gusto ng black bug ang latiang lugar o basang lugar.

Karaniwang nagtago ang *black bug* sa mga bitak ng lupa o sa puno ng palay kung araw at nanginginain ito sa gabi.

Mas marami ang populasyon ng *black bug* sa lipat tanim kaysa sabog tanim dahil marami ang suhi na maari nilang pagtaguan o tirahan.



Pagkontrol ng Rice Black Bug



- Linisin at ihanda ng mabuti ang taniman. Araruhin at patubigan agad ang palayan upang maalis ang mga maaaring tirhan at taguan ng *black bug*.

- Magtanim ng barayti na madaling anihin upang maiwasan ang mabilis na

pagdami ng black bug.

- Magtanim ng sabay-sabay upang maputol ang ikot ng buhay ng *black bug*.
- Pangalagaan ang mga kaibigang kulisap tulad ng gagamba at putakti. Bawasan ang pagbomba ng pestisidyo na maaaring makapinsala sa mga kaibigang kulisap.
- Maglagay ng mga natural na kaaway ng *black bug* tulad ng *Telenomus triptus* at *Metarhizium anisopliae* na maaring makuha sa mga laboratoryo ng Department of Agriculture. Pakawalan ito sa palayan pagkatapos magtanim upang makontrol ang RBB.
- Kung napansin na maraming itlog ng RBB patubigan ang palayan dahil sa loob ng 24 na oras na nakababad ang itlog ng RBB ito'y hindi mapipisa.
- Maaaring pakawalan ang mga itik upang kainin nito ang mga RBB. Siguraduhin na isang buwan na ang palay.
- Ang paggamit ng pestisidyo ay hindi gaanong inirerekomenda dahil maaaring mamatay ang mga kaibigang kulisap. Pero kung kinakailangang magbomba ng pestisi-

dyo patubigan ang palay 8 hanggang 12 cm para mamatay ang mga itlog at umakyat ang RBB sa mg dahon.

Sa Biglaang Pag-atake ng RBB



Gumamit ng light trap kung marami na ang *black bug*. Maglagay ng 500-1000 watts o *white light* at ikabit ito sa lugar na marami ang atake ng *black bug*. Sa pamamagitan nito maaaring makolekta ang RBB sa lugar na may ilaw. Epektibong maglagay nito alas 7:00 hanggang 12:00 ng gabi. Ang ilaw dapat ikabit sa *tripod* na may taas na 5 hanggang 10 metro. Ilagay ang bawat *light trap* 30 metro ang agwat sa susunod na *light trap* kung marami na ang black bug.

Patubigan at araruhin agad ang palayan na mataas ang atake ng RBB upang mamatay ang mga itlog, nimpa at adult. Sa ganitong paraan maiiwasan ang paglipat ng RBB sa ibang lugar.

Kung may makitang katulad nitong uri ng peste sumangguni agad sa inyong teknisyen o municipal agricultural officer.

Muling ipinalimbag at ipinamamahagi ng:
Regional Agriculture and Fisheries Information Section (RAFIS)
3rd Flr., ATI Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City
Tel. No. 920-20-44



RICE Black Bug



**Puksain ang
Rice Black Bug
sa palayan!**